Discussion Paper Series 2025 - 04

PROGRAM ON ALTERNATIVE DEVELOPMENT

# Filipinisasyon ng "Intersectionality"

## Mga Talinghaga mula sa Forging Intersectional Feminist Futures (FIFF) at Alternatibo para sa Polisiya




Genica Faye E. Bucao and Jose Monfred C. Sy

PROGRAM ON ALTERNATIVE DEVELOPMENT

# Filipinisasyon ng "Intersectionality"

## Mga Talinghaga mula sa Forging Intersectional Feminist Futures (FIFF) at Alternatibo para sa Polisiya



*Genica Faye E. Bucao and Jose Monfred C. Sy*

**UP CIDS Discussion Paper Series**
is published by the

**University of the Philippines**
**Center for Integrative and Development Studies**
Lower Ground Floor, Ang Bahay ng Alumni
Magsaysay Avenue, University of the Philippines
Diliman, Quezon City 1101

**Telephone:** (02) 8981-8500 loc. 4266 to 4268 / (02) 8426-0955
**Email:** cidspublications@up.edu.ph
**Website:** cids.up.edu.ph

cids.up.edu.ph

Copyright 2025 by the
UP Center for Integrative and Development Studies


The views and opinions expressed in this discussion paper are those of the author/s and neither reflect nor represent those of the University of the Philippines or the UP Center for Integrative and Development Studies. No copies can be made in part or in whole without prior written permission from the authors/editors and the publisher.

**ISSN 2619-7448 (Print)**
**ISSN 2619-7456 (Online)**


**Cover image credit**
“Mural Title: Women for Peace and Environment”

Monterona, Bert. Flickr.com. https://www.flickr.com/photos/szacharias/4772576311

# Download related policy papers for *free*




*[Lorem ipsum]*




*[Lorem ipsum]*

**cids.up.edu.ph/collection-database**

## Get your policy papers published.
## Download open-access articles.

The Philippine Journal of Public Policy: Interdisciplinary Development Perspectives (PJPP), the annual peer-reviewed journal of the UP Center for Integrative and Development Studies (UP CIDS), welcomes submissions in the form of full-length policy-oriented manuscripts, book reviews, essays, and commentaries. The PJPP provides a multidisciplinary forum for examining contemporary social, cultural, economic, and political issues in the Philippines and elsewh ere. Submissions are welcome year-around.

*For more information, visit cids.up.edu.ph.*
*All issues/articles of the PJPP can be downloaded for free.*

## Get news and the latest publications.

Join our mailing list to get our publications delivered straight to your inbox! Also, you'll receive news of upcoming webinars and other updates.

*bit.ly/signup_cids*

## We need your feedback.

Have our publications been useful? Tell us what you think.

*bit.ly/dearcids*

# FILIPINISASYON NG "INTERSECTIONALITY"

## Mga Talinghaga Mula sa Forging Intersectional Feminist Futures (FIFF) at Alternatibo para sa Polisiya

**Genica Faye E. Bucao[1] at Jose Monfred C. Sy[2]**

[1] Si Genica Bucao (genicabucao@gmail.com) ay isang malayang mananaliksik, at kasalukuyang Project Co-Lead sa bagong proyekto ng Forging Intersectional Feminist Futures (FIFF). Siya rin ang dating Project Officer ng FIFF sa ilalim ng ASEAN SOGIE Caucus (ASC).

[2] Si Jose Monfred C. Sy (jose_monfred.sy@up.edu.ph) ay katuwang na propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyan siyang Research Fellow at dating Project Leader ng University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies (UP CIDS) Program on Alternative Development (AltDev).

© CENTER FOR INTEGRATIVE AND DEVELOPMENT STUDIES
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES

# 3 SUSING ARAL

- Layunin ng Forging Intersectional Feminist Futures (FIFF) na pagtagpuin ang iba't ibang organisasyon at kilusan upang isulong ang sistematikong pagkakapantay-pantay ng kasarian sa pamamagitan ng interseksyonal na pag-oorganisa, habang isinasaalang-alang ang Filipinisasyon ng intersectionality upang maiangkop ito sa konteksto ng Pilipinas.

- Pinag-aralan ng FIFF ang kolektibong pag-aaruga bilang tugon sa pangangailangan ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao gamit ang Intersectional Care Needs Assessment Tool (ICNAT), na nakabatay sa pitong dimensyon ng seguridad mula sa UNDP.

- Ang epektibong pagpapatupad at ugnayan ng mga umiiral na batas tulad ng BP 344 (Accessibility Law), RA 11058 (Occupational Safety and Health Standards Law), at RA 11036 (Mental Health Act) ay kailangang pagtibayin sa pamamagitan ng interseksyonal na pagbalangkas ng polisiya upang matiyak ang inklusibong proteksyon at suporta sa mga sektor na may mataas na panganib.

# PANIMULA

Lalo na noong nagsimula ang iba't ibang kilusang panghustisiyang panlipunan noong dekada '60 sa Pilipinas at iba pang bansa sa Pandaigdigang Timog, umusbong din ang iba't ibang mga panukalang batas na nagsusulong ng mga karapatan sa paggawa, kasarian, aksesibilidad, trabaho, at iba pa. Itinaguyod at patuloy na iginigiit ng samut-saring organisasyon at kilusan ang mga polisiyang ito upang matugunan ang patong-patong na nibel ng pagsasamantalang nararanasan ng mga Pilipino. Nauuwi sa pagkalito at pagtutol ang maraming mambabatas sa mga nagkakasalikop na usapin ng opresyon at diskriminasyon na mariiing tinututulan ng samut-saring pormasyon. Kunsagayon, palaisipan sa mga aktibista at tagapagsulong ang mga posibleng estratehiya tungo sa pagpapalaganap ng adbokasiyang panghustisiyang panlipunan at paggigiit nito sa lebel ng polisiya.

Layon ng Forging Intersectional Feminist Futures (FIFF) na ipagtagpi ang ilan sa mga naturang organisasyon at kilusan. Ang FIFF ay isang kolaborasyon na nais makamit ang sistematikong pagkakapantay-pantay ng kasarian sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga kilusang interseksyonal. Ang proyekto ay nabuo sa batayan na ang mga kilusan ay dapat interseksyonal upang makabuo ng mga estratehiya na hahamunin ang mga sistema ng pang-aapi at pag-sentro ng mga boses at karanasan ng mga taong nakakaranas ng pang-aapi dahil sa kanilang mga pagkakakilanlan.

Upang mabisang matugunan ang ugat ng problema kaysa mga sintomas lamang, ginagamit ng organisasyon ang mga "transformative" na pamamaraan na nakatuon sa iba't ibang grupong marginalisado. Sa pamamagitan ng pananaw na ito, tinutugunan nila ang iba't ibang anyo ng diskriminasyon tulad ng seksismo, klasismo, at ableismo. Sa loob ng ilang taon, layunin ng FIFF na makamit ang mga konkretong resulta patungo sa pagkakaroon ng sistematikong pagkakapantay-pantay ng kasarian. Kabilang sa mga inaasahan sa unang dalawang taon ay ang pagpapalawak ng kamalayan ng kolektibo sa intersectionality, paglikha ng mga balangkas ng kooperasyon mula sa iba't ibang sektor, at pagkuha ng mga matagumpay na kaso upang mataguyod ang kilusang intersectional sa buong Asya. Tulad ng ipinapaalala sa atin nina de Saxe at Trotter-Simons (2021), nakaugat ang unang paggamit ni Crenshaw ng intersectionality sa batas. Kunsagayon, maaaring maging mabunga ang mobilisasyon ng naturang konsepto sa mga usaping pampolisiya. Ngunit

dahil banyaga ang dalumat na ito, kinakailangang pag-isipan din kung paano maiaangkla ang intersectionality sa kasaysayan ng lipunang Pilipino at danas ng mga kilusang nagsusulong nito—malay man o hindi sa pagsalig nila sa termino.

Idinodokumento ng kasalukuyang papel ang dalawahang panig ng Filipinisasyon na naisagawa sa FIFF. Una, layon naming ipaliwanag kung paano inandukha at isina-Filipino ng FIFF ang konsepto ng "intersectionality" upang mapabisa ang paggamit nito sa mga organisasyong kasapi ng FIFF at ang kanilang mga katuwang na pormasyon. Sa partikular, bumuo ng mga talinghaga ang mga kalahok ng FIFF Culminating Workshop tungkol sa intersectionality upang makagamit ng mga terminong mas mauunawaan ng publiko. Bukod sa pagtalakay sa prosesong ito ng pag-aandukha, magbibigay rin kami ng ilang alternatibo para sa polisiya na umusbong mula sa parehong palihan ng FIFF.

## BAKIT KAILANGANG I-ANDUKHA ANG "INTERSECTIONALITY"

Unang dinalumat ni Kimberlé Crenshaw, isang iskolar ng batas, ang konsepto ng "intersectionality" noong 1989 upang tuwirang maturol at mapuna ang patriyarka sa larangan ng batas. Kaakibat ng kaniyang pagdadalumat ang pagtukoy at pagbukod sa makaputing (at maging rasistang) pananaw na umagos kasabay ng ikalawang bugso ng feminismo sa Estados Unidos. Kung tutuusin, mahalaga ang paggamit ng isang talinghalaga tulad ng intersectionality upang lubos na maipaliwanag ang magkakasalungat na puwersa sa okasyon ng pang-aapi. Ang mga puwersang ito ang nagiging dahilan ng pangangailangan sa interseksyonal na pagsusuri (de Saxe at Trotter-Simons 2021).

Bagaman may mahalagang patlang sa teorisasyong feminismo na pinupunan ng intersectionality, nakatamo rin ito ng ilang puna mula sa ibang iskolar na naghahanap ng mas kritikal na talim. Isang natukoy na purol sa pagdadalumat ni Crenshaw ay ang tila ahistorikal na pagbabalangkas ng intersectionality. Ani Crenshaw (1989, 149), ang samut-saring anyo ng diskriminasyon ay parang isang "accident...at an intersection...caused by cars traveling from any number of directions and, sometimes, from all of them." Kaugnay nito, ipinaliwanag ni sikoanalistang si Jasbir Puar (2013, 382) na ang lahi, kasarian,

sekswalidad ay mga kaganapan, aksiyon, at engkuwentro sa pagitan ng mga katawan. Para sa feministang si Jennifer Cotter (2020), itinuturing ng naturang pagbabalangkas ang opresyon bilang mga singularidad na labas sa historikal na determinasyong nagluwal sa kanila. Aniya, "The systemic and structural violence against the other in capitalism is explained away as astructural, acausal, accidental. In such a view, material contradictions of gender, sexuality, race, and class are col¬lapsed into a post-dialectical 'flat ontology'" (Cotter 2020, 65). Sa ibang salita, mistulang aksidente at hindi tiyak ang hindi pagkakapantay-pantay, sa halip na ituring itong bunga ng pagsasamantala. Pinagtutuunan ng pansin ng intersectionality sa bisyon ng (post)humanistang feminismo ang diskriminasyon bilang pawang kaganapan lamang, hindi bunga't proseso, at itinuturing itong wakas mismo ng pakikibakang pangkasarian.

Gayunpaman, hindi maaaring wakasan ang diskriminasyon sa sarili nito sa loob ng kapitalismo. Kailangang wakasan ang pagsasamantala upang tuluyang mabura ang diskriminasyon. Ang mga relasyon sa produksyon na nakabatay sa pribadong pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon at ang pagnanakaw ng labis na paggawa ng manggagawa para sa tubo ang ugat ng kawalang-kalayaan ng tao, lalo na ng kababaihan. Hindi sa higit pang representasyon sa pampublikong buhay o, upang manghiram kay Max Weber (2013, 91), "life chances on the market," makakamit ang kalayaan ng mga kasarian. Tulad ng sinabi ni Delia Aguilar (2004, 413), "class-bound" ang isyu ng kasarian at may dayalektikal na ugnayan ito sa sahurang paggawa at kapital na nakabatay sa ekstraksiyon ng labis na paggawa. Sa pagnanaturalisa ng ideyang ang tao at ang kanilang mga ugnayan ay mga objek, naitatali ang usapin ng karapatan sa lohika ng merkado—dito, ang puno't dulo ng lahat ay pagpapalitan para sa paglikha ng kita (Marx 1975). Tila taliwas ito sa mismong konsepto ng karapatan na sa ideyal ay pagmamay-ari't responsibilidad ng lahat.

Sa harap ng kasalimuotan ng ontolohiya ng intersectionality, paano ito mas mabibigyan ng bisa sa konteksto ng kultura at lipunang Pilipino? Kung "flat" ang dimensyong ontolohikal nito, paano ito mahuhubog tungo sa oryentasyong pagkamaka-Pilipino? Kinakailangang bunutin ang intersectionality mula sa indibidwalistiko at ahistorikal na kaligiran kung saan ito umunlad sa Kanluran. Pagpapalagay nga ng sosyologong si John Andrew Evangelista (2020), lipana ang pagtanggi sa konsepto ng LGBTQIAN+ (lesbian, gay, bisexual, transgender, queer, intersex, asexual, nonbinary,

at iba pang pagkakakilanlan) sa Pilipinas.Ginawa ito upang humalili sa mga danas at pagkakakilanlang di-heteronormatibo, dulot ng sosyohistorikal na sidhi ng dalawang Kanluraning imperyo sa lipunang Pilipino. Dahil sa mga iniwang (pyudal na) bakas ng imperyong Espanyol, itinuturing na dayuhan ang ideya ng mga karapatang pang-LGTBQIA+. Samantala, lumaganap naman ang konseptong ito sa ilalim ng impluwensiya ng imperyong Amerikano. Kaya naman, kung nanaising mapalawig ang diwa ng intersectionality sa polisiya sa Pilipinas, maigi ang pagtatangkang hanapan ito ng mga talinghaga sa wikang pambansa at iangkla sa aktuwal na danas ng mga Pilipinong humaharap sa diskriminasyon.

Maisismulan ang masalimuot na proseso ng Filipinisasyon ng intersectionality sa pamamagitan ng "pag-aandukha." Ayon kay Virgilio Enriquez (1976), isang Pilipinong sikolohista at tagapagsulong ng Sikolohiyang Pilipino, ang "pag-aandukha" ay ang pagbibigay ng katutubong kahulugan sa mga ideya at salitang hiram. "Magkaminsan ay banyaga ang pinagmumulan ng salitang inaandukha at binibigyan ng katutubong kahulugan" (p. 26). Hindi lamang lantarang pagsasalin ang pag-aadunkha; bagkus, isa itong proyekto ng paghahanap ng mga alternatibong diskurso batay sa kritikal na paghalaw mula sa dayuhang talastasan. Inilalarawan ng sosyolohistang si Syed Farid Alatas (2006, 86) ang pagbuo ng alternatibong diskurso bilang isang prosesong nangangailangan ng paglingon sa katutubong pilosopiya, epistemolohiya, kasaysayan, sining, at iba pang anyo ng kaalaman. Maaaring maging lunan ang pag-aanduha ng paglinang ng diwang antikolonyal na nagtutulak sa pagkilatis ng mahabang kasaysayan ng imperyalistang dominasyon bilang hadlang sa pagkakatutubo (indigeneity), bernakularidad, at nasyonalidad.

Hindi magiging ganap ang proseso ng Filipinisasyon ng isang konsepto sapagkat maaaring magbago-bago ang pagpapakahulugan nito sa patuloy na paggamit nito ng mga manananalita't manunulat.Gayunman, makabuluhang pag-isipan ang intersectionality sa wikang Filipino dahil nagbibigay ito ng mas kritikal at mapanlikhang perspektiba sa konteksto ng polisiyang nakatuon sa mga karapatan. Sa papel na ito, partikular na nakalingon ang pagtatangkang iandukha ang intersectionality sa pananaw ng mga organisasyong pangkarapatan. Bagaman kadalasang pinaghahalawan ng mga iskolar ang katutubong kapantasan bilang batis para sa pag-aandukha, mabisa rin ang pagtuon ng pansin sa kaalamang nililikha ng at sa mga kilusang panlipunan, non-government organization (NGO), at komunidad. Ika nga ng Filipinistang si

Ramon Guillermo (2008, 473), sa pakikipag-ugnayan sa mga umiiral na kilusan at organisasyon magkakaroon ng epekto ang ganitong mga pagtatangka sa lipunan.

## ANG PAGLAOT AT PAGLALAKBAY NG FIFF

Pinamunuan ang FIFF ng International Women's Rights Action Watch Asia Pacific (IWRAW AP) mula Abril 2021 hanggang Hulyo 2024. Naipatupad na ito sa iba't ibang bansa ng Asya ng sumusunod na organisasyon: ASC sa Pilipinas, Asia Pacific Transgender Network (APTN) sa Cambodia, Womxn's Voice sa Indonesia, Asia Pacific Network of Sex Workers (APNSW) sa India, at Special Talent Exchange Programme (STEP) sa Pakistan. Sinuportahan din ito ng Asia Indigenous Peoples Pact (AIPP), Asia Pacific Refugee Rights Network (APRRN), International Drug Policy Consortium (IDPC), at Asia Pacific Women with Disabilities United (APWDU).

Sa Pilipinas, ang FIFF ay binubuo ng mga samu't saring kasanggang organisasyon: Association of Positive Women Advocates, Inc. (APWAI); Batis Association of Women in Action for Rights and Empowerment (AWARE); BDEV Child Protection, Camp Queer, Galang Philippines, Initiatives and Movement for Gender Liberation Against Discrimination (IMGLAD); Intersex Philippines, Kanlungan Center Foundation; Lakanbini Advocates; Life Haven Center for Independent Living (Life Haven CIL); Liyab LGBTQIAN+ Humanitarian Network, Migrant Forum Asia; Mujer LGBT Organization; Nationwide Organization of Visually Impaired Empowered Ladies (NOVEL); Philippine Anti-Discrimination Alliance of Youth Leaders (PANTAY); Philippine Human Rights Information Center (PhilRights); Pioneer Filipino Transgender Men Movement (PTFM); Pinoy Deaf Rainbow (PDR); Tebtebba; the Climate Reality Project Philippines; Program on Alternative Development (AltDev) ng University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies (UP CIDS); Visayas LBTQ Network; Voice for Sexual Rights; and Youth for Mental Health Coalition (Y4MH).

Sila ay lumahok sa iba't ibang yugto ng proyekto mulo Marso 2022 hanggang Mayo 2024. Unang beses nagtipon online ang mga kasama sa FIFF sa National Opening Partnership Dialogue noong Marso 31, 2022 hanggang Abril 1, 2022. Kinilala nila ang adbokasiya ng bawat isa at kung saan sila nagkakapareho ng mga problemang hinaharap.

Pagkatapos ng dialogo, marami ang nagpahayag ng interes na palalimin ang pag-intindi nila sa adbokasiya ng isa't isa. Halimbawa, may organisasyon ng LGBT na nagbahagi na gusto nilang mas maintindihan ang kilusan ng mga taong may kapansanan. May organisasyon ng mga katutubo na gusto namang mas maunawaan ang kilusan ng LGBT sa Pilipinas. Bilang tugon dito, nagsagawa ang ASC ng mga Learning Sesyon na pinamunuan din mismo ng mga kasama sa FIFF.

1. **Pride ED**

   Ito ay pinadaloy ng PANTAY noong Hulyo 1, 2022. Pinag-usapan dito ang ibig sabihin ng SOGIESC, ang kasaysayan ng kilusan ng LGBT sa Pilipinas, at kung bakit ang muling pagpapakilala at pagpasa ng SOGIE Equality Bill sa 19th Congress ay napakahalaga sa pagkamit ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at hustisya.

2. **The DG Talks: The Intersectionality of Disability & Gender**

   Ito ay pinadaloy ng NOVEL noong Hulyo 15, 2022. Tinalakay dito kung paano naaapektuhan ng interseksyon ng kapansanan at kasarian ang buhay ng mga babaeng may kapansanan. Nagbigay ang NOVEL ng mga paraan kung paano sisimulang gawing inklusibo ang mga kilusan at lipunan.

3. **Making the Digital World Disability-Inclusive and Accessible**

   Ito ay pinadaloy ng TERPCAP noong Hulyo 19, 2022. Ang sesyon na ito ay nagpokus sa pagpapatibay ng akses sa mga rekursong digital at inklusyon ng mga taong may kapansanan sa mga kaganapan at gawaing digital.

Bagamat wala ang mga sesyon na ito sa orihinal na konsepto ng proyekto, nakita ng ASC ang kahalagahan ng pakikinig sa mga kasama at pagkakaroon ng matatag na pagkaunawa sa iba't ibang isyu para mas matatag din ang pagkaintindi sa interkseksyonalidad. Nang makita ng ASC na handa na ang FIFF network na intindihin ito, sunod na ipinatupad nito ang Serye ng Online Workshops ukol sa Intersectionality.

1. **Analyzing for Intersectionality**

   Ito ay pinadaloy ng Camp Queer noong Nobyembre 9, 2022. Ang pangunahing mensahe ng palihang ito ay ang pagkaintindi na ang intersectionality ay ang tagpuan ng sistema ng pang-aapi, hindi lang o higit pa sa pagkakakilanlan ng mga tao. Kaya naman pinakilala ang FIFF network sa Intersectional Analytical Framework bilang instrumento na mas maintindihan pa ang mga ugat ng mga problema ng komunidad na pinaglilingkuran nila.

2. **Sharing Existing Practices of Intersectionality**

   Ito ay pinatakbo ng AltDev noong Nobyembre 12, 2022. Binigyang diin sa palihan na ito na bagamat ang salita na "intersectionality" ay nabuo sa Amerika, ang konsepto ng intersectionality ay matagal nang nasa kultura ng Pilipinas. Nagpadaloy ang AltDev ng People-to-People Exchange kung saan nagbahagi ang FIFF network ng mga kasalukuyang praktis na interseksyonal sa organisasyon nila. Dahil dito, nabawasan ang mga agam-agam nila ukol sa intersectionality sapagkat napagtanto nila na ginagawa na nila ito. Kailangan na lang mas patibayin ang kasanayan nila.

3. **Operationalizing Intersectionality**

   Ito ay pinadaloy ng ASC noong Nobyembre 16, 2022. Dito unang binuo ang *Guiding Principles of Intersectionality,* o Mga Prinsipyong Gabay ng Intersectionality. Ito ay mga pahayag na makatutulong sa pagdedesisyon ng mga organisasyon, hindi alintana kung ang mga layunin, estratehiya, proyekto, at mga pinuno nito ay magbabago.

4. **Planning for Intersectionality**

   Ito ay pinadaloy ng eksperto ng kasarian mula sa UP Center for Women's and Gender Studies (UPCWGS) noong Nobyembre 19, 2022. Gamit ang mga Prinsipyong Gabay, sinuri ng FIFF network ang mga kasalakuyan o pinaplano pa lang na mga programa, aktibidad, proyekto, at polisiya sa kani-kanilang organisasyon.

Pagkatapos ng higit isang taon ng pagpapatatag ng kapasidad ukol sa intersectionality sa mga online learning session at palihan, nakita ng ASC na handa na ang FIFF network sa susunod na hakbang. Kaya naman inorganisa ng ASC ang Cross-movement Advocacy Roadmap Planning noong Marso 11 hanggang Marso 12, 2023. Dito una nagkita-kita ang mga kasama sa personal. Inilista nila ang lahat ng mga hamon na nararanasan nila dahil sa pagkakapatong-patong ng kanilang mga pagkakakilanlan. Sa lahat nito, pinili nila ang problema ng kolektibong pagkapagod ng mga human rights defenders (HRDs), o tagapagtanggol ng mga karapatang pantao. Upang mas maintindihan ito, sumang-ayon ang mga kasama na nilang interseksyonal na proyekto, isasagawa nila ang Pananaliksik ukol sa Interseksyonal at Kolektibo na Pag-aaruga.

Mula Hulyo 2023 hanggang Marso 2024, isinagawa ng FIFF network ang kanilang pananaliksik. Binuo nila ang Intersectional Care Needs Assessment Tool (ICNAT) upang mas maintindihan ang kalagayan ng mga HRDs mula sa kani-kanilang organisasyon. Batay sa mga resulta ng ICNAT, gumawa sila ng mga rekomendasyon kung paano paunlarin ang kolektibong pag-aaruga sa mga organisasyon nila. Binahagi ng FIFF network sa publiko ang pananaliksik nila sa "Paglalayag ng Dakbalangay: A Research Launch on Collective Care" noong Mayo 17, 2024.

Sumunod dito ang Culminating Workshop na ginanap mula Mayo 18 hanggang Mayo 19, 2024. Prinoseso ng FIFF network ang pagkaintindi nila sa intersectionality pagkatapos ng pagpapatatag ng kapasidad nila sa interseksyoinalidad at pagpapatupad nila ng interseksyonal na proyekto. Dito nila pinagnilayan ang Filipinisasyon ng dalumat ng "intersectionality."

## MGA TALINGHAGA NG INTERSECTIONALITY AYON SA FIFF

Isinagawa ang FIFF Culminating Workshop na nagtipon sa kinatawan ng mga katuwang na organisasyon ng network na naging bahagi ng proyektong pananaliksik. Sa loob ng dalawang araw, lumahok ang mga kinatawan sa mga aktibidad na naglalayong linangin ang kanilang kaalaman, pagkatao, saloobin, at kakayahan kaugnay ng intersectionality. Layunin din ng palihan na ipagdiwang ang mga tagumpay ng FIFF Philippines, matuto mula sa mga

hamong kinaharap nito, at muling pag-isipan ang hinaharap ng intersectional na pagtataguyod ng kilusan sa kontekstong Pilipino. Sa partikular, naglaan ng isang sesyong panghapon sa Culminating Workshop para sa pagsasagawa ng talakayang pampangkat na may pokus hinggil sa paghahanap ng mga talinghagang Pilipino para sa dalumat ng intersectionality.

Dumalo sa palihan ang mga sumusunod na kalahok mula sa iba't ibang organisasyon: sina Ash Dela Peña at Anna Cubacub mula sa PANTAY, Tina Lomoljo ng BDEV Child Protection, Rose Bayan mula sa Kanlungan Center, Erika Allosa at Junvee Bagasin ng Pinoy Deaf Rainbow, Kei Bughaw mula sa Visayas LBTQ, Yannah Lagasca ng Y4MH, Karla Henson mula sa Life Haven, at Shiela Aggarao ng NOVEL. Pinadaloy namin ang palihang ito bilang kinatawan ng UP CIDS AltDev (Sy) at punong-abala ng FIFF (Bucao). Isinagawa ang mga sumusunod na hakbang para sa talakayan:

1. Ipinaliwanag ang layunin at panuto ng talakayan. Tampok sa panimulang ito ang paliwanag hinggil sa talinghaga at kung paano ito nakatutulong sa kaunawaan hinggil sa mga konseptong masalimuot at/o dayuhan.
2. Sa dalawang pangkat, pinagnilayan ng mga kalahok ang iba't ibang aspekto o objek ng kulturang Pilipino na may diskursibong kapangyarihan na palalimin at palawakin ang dalumat ng intersectionality. Tinipon nila ang kanilang mga ideya sa isang digital na presentasyon na may mga larawan.
3. Iniulat ng mga pangkat ang kanilang mga talinghaga. Tinanong ang mga sumusunod upang umunlad ang talakayan.
4. Aling mga aspekto ng intersectionality ang kinakatawan ng mga napiling talinghaga?
5. Aling sektor, edad o henerasyon, o komunidad pangwika ang makapagpapahalaga sa napiling mga talinghaga?
6. Tinanong ang ikalawa upang matulak ang mga kalahok na pag-isipan ang bisa ng isang talinghaga sa pag-aandukha ng konsepto ng intersectionality ayon sa kultura at lipunang Pilipino. Sinundan naman ito ng mga follow up na tanong upang mapalalim ang abot ng talakayan.

Sa palihan, pinagnilayan at pinagtibay ng mga kalahok ang kanilang sama-samang pag-unawa sa intersectionality matapos ang mga nakaraang pagsasanay at pagpapatupad ng mga proyekto. Naging mahalagang bahagi ng proseso ang pagbabahagi ng mga karanasan at pananaw na nagbigay-daan sa mas malalim na pagkilala sa mga hamon at oportunidad sa pagtataguyod ng interseksyonal na kilusan.

Inumpisahan ang sesyon sa pamamagitan ng pagtalakay sa ilang mga tagumpay ng FIFF sa pagpapalawig ng terminong intersectionality sa kani-kanilang mga organisasyon. Dahil dito, nahimok ang mga kalahok na balikan at tukuyin ang mahahalagang bahagi ng outcome harvesting mula sa mga nakaraang aktibidad. Layunin nitong magbigay-inspirasyon at magtakda ng isang masigla at mapagdiwang na kapaligiran para sa palihan. Sa pagbubukas ng talakayan, binalikan ang orihinal na pagdadalumat ni Crenshaw sa intersectionality bilang talinghaga. Naging batayan ito para sa aktibidad na naglalayong mag-ugnay ng mga talinghagang Pilipino sa intersectionality. Ilan sa mga nabanggit ng mga kalahok bago magkaroon ng talakayang pampangkat ang sangandaan (crossroads), sapin-sapin (layered), at dakbalangay (bangka o pamayanan). Ilan lamang daw ito sa mga salitang naibabato nila sa isa't isa kapag impormal na pinagninilayan ang pagsasa-Filipino ng salitang intersectionality.

Naghanap ang mga kalahok ng mga salita at parirala na nakaugat sa mga lokal na wika at kultura na maaaring magbigay-buhay sa konsepto ng intersectionality. Inaasahan na maitataguyod nito ang pagkakaugnay at sariling pag-angkin sa ideya habang kinikilala ang pinagmulan nito. Pumili ang bawat pangkat ng mga ekspresyong humahalili sa intersectionality na makabubuo ng mas malalim na pag-unawa at pagkakakilanlan sa prinsipyong nagsisilbing pundasyon ng kanilang kolektibong gawain sa mga kinabibilangang organisasyon at pormasyon. Ibinubuod sa talahanayan 1 ang kinalabasan ng palihan kasama ng mga katuwang ng FIFF.

**Talahanayan 1:** Buod ng mga talinghagang lumitaw sa palihan kasama ng mga katuwang ng FIFF

| Talinghaga | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| **Unang grupo** | |
| Gesturang nasa FSL | Nagsagawa si Bagasin at Allosa ng isang sign sa FSL para sa intersectionality. Ipinakita nila ang interkoneksyon sa pamamagitan ng pataas na pagkukrus ng mga daliri upang maipakita ang pagkakahabi ng iba't ibang nibel patungong anyong kurbada. |

| | |
|---|---|
| Sapaw-sapaw o sapin-sapin | Patong-patong |
| Panagsapaw | Patong-patong |
| Bibingka | Kapag nailalagay raw sa isang mahirap na sitwasyon, naapoyan ang isang tao sa gitna, ibaba, at itaas. |

## Ikalawang grupo

| | |
|---|---|
| Habi-habi (Interwoven) | Pagkakasama-sama ng mga pangarap at karanasan ng iba't ibang danas at pagkakakilanlan na kinakatawan ng iba't ibang magkakasalikop ng mga kulay o tela |
| Halo-halo | Naglalaman ng iba't ibang sangkap at kulay<br><br>Ipinapakita na walang isang proseso sa paglaban, at bukas tayo sa iba't ibang pangangailangan sa pagtataguyod ng mga kilusan<br><br>Sumasalamin sa pagbabalik-loob ng mga Pilipino sa isang pagkain na ipinakilala ng kolonyalismo |
| Piging | Madalas gamitin ang salitang "piging" sa mga kasabihang Filipino<br><br>Simbolo ng pagtanggap sa mga tao |
| Damayan | Tumutugon sa mga pangangailangan ng bawat miyembro ng komunidad |

■ Sanggunian: Datos mula sa worksyap ng FIFF

Tampok sa talakayang pamgpangkat ng unang grupo ang tatlong pangunahing kontribusyon. Kamangha-mangha ang unang "talinghagang" nabuo. Lumikha sina Bagasin at Allosa mula sa Deaf community ng salita sa Filipino Sign Language (FSL) para sa intersectionality. Inilarawan nila ang interkoneksyon gamit ang paakyat na kilos ng mga kamay at daliri na lumilikha ng tila walang-katapusang loop upang ipakita ang pagkakahabi ng iba't ibang nibel. Bagamat mas biswal kaysa berbal ang kanilang pagsisimbolo, malinaw ang nais nitong ipahayag. Interesante rin ang paakyat na muwestra ng kanilang binuong

senyas. Sa karanasan ng Deaf community, binigyang-diin nina Allosa at Bagasin ang papel ng di-bernal at biswal na komunikasyon sa pagpapahayag ng intersectionality.

Tinalakay naman nina Lomoljo at Bughaw ang mga salitang sapaw-sapaw o sapin-sapin mula sa wikang Binisaya, na tumutukoy sa estado ng pagkakapatong-patong. Idinagdag nila ang "bibingka" bilang talinghaga. Kapag ang bibingka ay nasa mainit na sitwasyon, may apoy sa ilalim, sa ibabaw, at sa gitna nito. Ang talinghagang ito ay nagpapakita ng pagiging nasa gitna ng maraming hamon. Ani Bayan, sa konteksto ng aktibismo, ang bibingka ay nangangahulugan ng kahandaan sa pagtulong, pagprotesta, at pag-oorganisa.

Sinundan ito ng pagbabahagi ng kinalabasan ng talakayang pampangkat ng ikalawang grupo na nagbigay ng ilang talinghaga mula sa iba't ibang wika. Ang "habi-habi" raw, para kina Cubacub at mga kapangkat niya, ay naglarawan ng mga pangarap at karanasan na pinag-uugnay at hinahabi bilang mga gestura ng pagkakaugnay-ugnay ng iba't ibang identidad. Samantala, ang "halo-halo" ay nagsilbing talinghaga ng pagkakahalo ng samut-saring pagkakakilanlan at danas. Para sa grupong ito, mapanlikhang muwestra din ito ng pagbawi ng kolonyal na pagkain tungo sa isang dekolonyal na konsepto. Kinakatawan nito ang pagsasama-sama ng mga sangkap na may kani-kaniyang kulay na nagpapakita ng pluralidad ng identidad at tipo ng buhay sa Pilipinas.

Binigyang-kahulugan din ng grupong ito ang intersectionality sa pamamagitan ng talinghaga ng "piging." Ika ni Henson, kinakatawan ng naturang dalumat ang isang piging kung saan lahat ay may puwang at may-kakayanang makisalo sa hapag-kainan. Nagpapakita ito ng inklusibidad at kinikilala hindi lamang ang pangangailangan kundi pati ang mga hangarin ng bawat miyembro ng pamayanan. Paliwanag ng grupo, sa isang "piging," ang mga tao ay "busog," o "puno" ng pagkakapantay-pantay, katarungan, at pantay-pantay na oportunidad. Isa itong mahalagang katangian ng isang komunidad na may malasakit.

Panghuli, ang talinghaga ng "damayan" ay nagpakilala ng mutual aid bilang sagisag ng isang pamayanang nag-aalaga at nagtutulungan, tumatawid ng mga hangganan upang tugunan ang pangangailangan ng bawat isa. Kaugnay ng intersectionality, ipinaliwanag ng grupo na ang pagbibigay ng tulong bilang tugon sa diskriminasyon ay hindi dapat limitado sa pisikal na teritoryo. Ito ay

dapat lumampas sa mga hangganang heograpikal. May tuon din ang kanilang paliwanag sa katuwiran ng pagkakaroon ng sikososyal na aspekto ng damayan.

## PAGKRUS NG KASARIAN, AKSESIBILIDAD, AT HUSITISYANG PANLIPUNAN

Naging mabunga ang talakayang pampangkat na isinagawa sa FIFF Culminating Workshop sapagkat iniluwal nito ang ilang mga talinghagang para sa mga kalahok ay kumakatawan sa pag-unawa ng kanilang mga sarili't organisasyong kinakatawan. Interesante ang mga napiling salita sa wikang Filipino. Paulit-ulit na lumitaw ang mga talinghagang nangangahulugan ng pagpapatong-patong. Kabilang na rito ang "sapat-sapaw," "sapin-sapin," at "panagsapaw." Kaakibat ng mga salitang ito ang imaheng patayo. Sa pagpapatong-patong ng iba't iba't lumalalang nibel ng diskriminasyon, tunay na mabibigatan ang nagbubuhat ng mga ito. Hindi maikakailang inaalingawngaw ng mga ito ang teorisasyon ng "dalawahang pasanin" ("double burden") ng Marxisting si Clara Zetkin. Kinikilala ni Zetkin (1906) ang pagpapatong-patong ng mga pasanin lalo na ng kababaihan dahil sa pagkakatali nila sa sahurang paggawa at yunit ng pamilya na nilikha rin mismo ng kapitalismo upang matiyak ang murang lakas paggawa.

Kung pag-uusapan ang pagkahigpit ng lapit sa pagitan ng talinghaga't orihinal na dalumat, matutukoy ang gesturang nasa FSL at "habi-habi" bilang maiinam na pag-aandukha ng intersectionality. Ngunit tulad ng binanggit sa papel na ito, nabibigyan din ng bagong pagpapakahulugan ang mga konseptong inandukha. Lumilitaw sa gesturang nasa FSL at habi-habi hindi lamang ang mga aspekto ng kulturang pambansa kundi pati na rin ang mahigpit na pagkakatali ng iba't ibang nibel ng opresyong nararanasan ng mga Pilipino. Di tulad ng talinghaga ng interseksyon ng mga kalyeng nagtatagpo sa isang punto, idinidiin ng mga naturan ang hindi matatagninang pagkakaugnay ng mga sistema't institusyong nagdudulot ng opresyon sa Pilipinas. Kung ieekstend pa nga ang talinghagang ito, maaaring maaninag ang dekolonyal na tabas nito. Kunsabagay, ang pyudalismo—kung saan minomonopolisa ng iilan ang pagmamay-ari ng lupa—at burukrata kapitalismo—kung saan nagmumula sa elit ang mga umuupo sa gobyerno—ay mga sistemang iniwan ng kolonyalismo. Matuturol sa talinghaga ng paghahabi ang pagkakasalikop ng mga sistemang ito. Dagdag pa dito, ipinapahiwatig ng talinghaga na kung nais nating kalagin

ang mga ito, kinakailangang kalasin ang mismong telang nabuo ng kanilang pagkakahabi.

Panghuli, ang mga talinghaga tulad ng "bibingka," "halo-halo" at "piging" ay nakakatulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa intersectionality. Ipinaparating ng mga naturan na hindi lamang ang mga hadlang sa karapatang pangkasarian at pang-aksesibilidad ang nagkukrus sa interseksyon. Bagkus, naghahalo-halo rin at nagsasalu-salo ang samut-saring danas at paghuhulagpos ng mga Pilipinong pinagsasamantalahan. Bitbit ng mga talinghagang ito ang sari-sari ngunit kolektibong pakikibakang bayan para sa hustisiyang panlipunan. Sa kabuuan, ang paggamit ng mga simbolo at salitang nakaugat sa lokal na konteksto ay nagiging epektibong paraan ng pagpapakilala ng mga masalimuot na konsepto sa mas malawak na publiko, na nagbubukas ng posibilidad para sa mas malawak na pakikiisa at makataong pagbabago sa lipunan. Malinaw din na ang mga talakayang pampangkat ay hindi lamang tumutok sa teorya ng intersectionality, kundi pati na rin sa mga kongkretong hakbang upang gawing mas malawak ang pagpapalaganap nito sa buong bansa.

Sa lahat ng mga nangyaring pag-uusap, tila naisapraktika ang diwa ng dekolonisasyon sa ehersisyo ng pag-aandukha. Ang dekolonisasyon ay naging kilala sa mga Kanlurang lipunan noong hulihang bahagi ng 1900, bagaman ang mga imperyo mismo ng Kanluran ang nagpagana ng paglaganap ng kolonyalismo. Sa Pilipinas, ang mga pagsusumikap para sa dekolonisasyon ay nagsimula pa noong dekada '60, '70, at '80 sa ilalim ng proyekto ng Filipinisasyon. Layunin ng mga iskolar noon na matuklasan ang mga katutubong termino at konsepto na maaaring pumalit sa mga banyagang salitang ginagamit upang tumukoy sa iba't ibang aspekto ng kulturang Pilipino. Hindi naman nalalayo ang pagtatangkang ito sa pagpapalagay ng mga nagteorisa ng intersectionality. Ika nga nina de Saxe at Trotter-Simons (2021), kaakibat ng interseksyonal na praxis ang pag-unawa at pagkomit sa trabaho ng dekolonisasyon. Paliwanag nga ni Evangelista (2020, 14) hinggil sa mobilisasyon ng kilusang LGTBQIA+ sa Pilipinas ng mga pagkakakilanlan sa wikang Filipino, "activists reclaimed the Southern queer and indicted the West for its political and economic repression. These critiques exposed not only the limits but also the violence of sexual exceptionalism, which erased the possibility of queer living in the South." Sa pagbuo ng mga kalahok ng talinghagang kumakatawan sa abot at lalim ng kanilang pag-unawa sa intersectionality, naipapasaibabaw nila ang historikal na karanasan ng mga

Pilipino na hinubog ng ilang dantaon ng kolonyalismo at kontemporaneong imperyalismo. Ipinaparating ng mga talinghaga ng FIFF ang alternatibong pananaw sa kung paano gumagana at tinutugunan ng taumbayan ang iba't ibang nibel ng pagsasamantala. Sa ganitong palagay, mainam na maging balangkas ang mga talinghagang ito sa pagpapanday ng mga polisiyang inaasahang tumugon sa mga usapin ng kasarian, aksesibilidad, at hustisiyang panlipunan.

## MGA INTERSEKSYONAL NA ALTERNATIBO PARA SA POLISIYA

Upang mas maging interseksyonal ang tugon ng gobyerno, kailangan kilalanin ang iba't ibang polisiya na maaaring solusyunan ang isang komplikadong problema at pagsamahin ang mga ito (*policy integration*) sa isang halo ng polisiya (*policy mix*). Ito ay pagkilala na marami nang magagandang polisiya na interseksyonal sa papel–hindi lang naipapatupad ng tama. Sa *policy integration*, ang hiwa-hiwalay at pira-pirasong pagsisikap ay magtutulungan sa iisang pangkalahatang layunin.

Para maging matagumpay ang *policy integration*, kailangan may interaksyon ang iba't ibang polisiya. At para mangyari ito, may tatlong instrumento na kailangan ay nandito: balangkas ng polisiya, (*policy frame*), awtoridad, at impormasyon (Cejudo at Michel 2021).

1. **Balangkas ng Polisiya (*Policy Frame*)**

   Ito ang salaysay ng iisa at malinaw na pagkaintindi sa problema. Higit dito, kailangan ibanghay ang mga tungkulin ng bawat kasangkapan ng polisiya (*policy tools*) na isasama sa *policy mix,* at responsibilidad ng mga ahensya upang solusyunan ang problema. Halimbawa, inilunsad ng gobyerno ng South Africa ang Integrated Food Strategy noong 2002 kung saan kinilala nila na ang problema sa seguridad ng pagkain ay kailangan pagtulungan ng iba't ibang ahensya. Subalit, wala silang iisang pagkakaintindi sa problema. Iba-iba ang pagkaintindi nila sa sanga at bunga nito. Malabo rin ang responsibilidad ng bawat ahensya kaya pinagpatuloy lang nila ang kani-kanilang trabaho na tingin nila ang lulutas sa problema, imbes na patungo sa iisang layunin (Candel 2018).

## 2. Awtoridad

Ito ay tao, organisasyon, o komite na may mandato na mamuno sa mga ahensya na may responsibilidad na solusyunan ang problema. Hindi ito basta lamang koordinasyon. Kailangan may pormal na awtoridad na gumawa ng mga desisyon gaya ng pag-tukoy sa kumplikadong problema, pag-pili ng iba't ibang *policy tools*, o pag-gawa ng bagong polisiya na kailangan para solusyunan ang problema na isasama sa *policy mix*. May kapangyarihan din ito humingi ng pananagutan sa mga ahensya na nagpapatupad ng mga polisiyang ito. Halimbawa, ang gobyerno ng Australia ay inilunsad ang Social Inclusion Agenda (SIA) na ang layunin ay palakasin ang *welfare state* at bawasan ang pinsala at hindi pagkakapantay-pantay. Binuo ang Social Inclusion Unit para padaluyin ang SIA. Inilagay ito sa ilalim ng Department of the Prime Minister and Cabinet para ipakita na prayoridad ito ng Prime Minister. Gayunpaman, walang pormal na awtoridad ang yunit sa iba't ibang departamento na parte ng SIA. Dahil dito, hindi ito nagkaroon ng oportunidad na mabago ang anyo ng pamamalakad sa gobyerno kaya naging limitado ang pagpapatupad nito sa SIA (Carey, McLoughlin, & Crammond, 2015). Maliban sa rekomendasyon ni Cejudo at Michel (2021), importante na isama ang mga non-government organizations (NGOs) tulad ng mga miyembro ng FIFF sapagkat mayroon silang buhay na karanasan (*lived experience)* at buhay na kadalubhasaan (*lived expertise).*

## 3. Impormasyon

Upang makagawa ng mga desisyon ang awtoridad, kailangang may akses ito sa impormasyon gaya ng pag-unlad ng bawat *policy tool* patungo sa layunin ng *policy mix* at ang mga mekanismo sa paggamit ng impormasyon ng bawat ahensya na kasama sa *policy integration.* Dahil dito, alam ng awtoridad kung may kailangang baguhin sa mga ito upang siguraduhin na magkakaugnay pa rin ang tugon ng gobyerno sa problema, lalo na at patuloy itong nagbabago. Halimbawa, ang *Chile Crece Contigo (Chile Grows with You* o Lumago ang Chile Kasama Ka*)* ay isang inisyatiba kung saan pinagsama ang iba't ibang programa ng gobyerno para maghandog ng komprehensibong sistema ng proteksyon para sa mga bata bago ipanganak (*prenatal)* hanggang apat ng taong gulang. Ang Ministry of Social Development ang binigyang awtoridad dito at ang may

hawak sa badyet. Dahil pira-piraso ang social protection system sa Chile, gumawa ng bagong batas ang gobyerno kung saan obligado ang mga ahensya sa pangongolekta at paggamit ng datos sa pamamahala ng mga programa sa kalusugan, edukasyon, at iba pang serbisyong panlipunan. Sa tulong ng batas na ito, gumawa ng database ang Ministry of Social Development kung saan kailangang i-update ng mga ahensya na kasama sa *policy integration* ang mga taong nasasakupan ng *Chile Crece Contigo*. Dahil dito, sinisigurado ng mga ahensya na updated ang database kasi naglalaan lamang ng badyet ang Ministry of Social Development sa mga taong nilalaman nito (Molina et al., 2018).

Siyasatin natin ang policy integration sa kolektibong pag-aaruga bilang tugon sa isyu ng kolektibong pagkapagod ng mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao na pokus ng pananaliksik ng FIFF. Tulad ng nabanggit sa paglalakbay ng FIFF, binuo nila ang Intersectional Care Needs Assessment Tool (ICNAT) upang mas maintindihan ang kalagayan ng mga HRDs mula sa kani-kanilang organisasyon. Binase nila ang ICNAT sa pitong dimensyon ng seguridad ayon sa 1994 Human Development Report ng United Nations Development Programme: pagkain, kalusugan, kapaligiran, personal, komunidad, politikal, at ekonomiya. Ang mga dimensyong ito ay inasakontekso ng mga miyembro ng FIFF batay sa konteksto na binubuo ng mga organisasyon na nagsusulong ng mga karapatan ng mga bata, kababaihan, LGBTQIAN+N+, mga taong maykapansanan, at mga migrante. Kaya ang magiging saklaw lamang ng pagsiyasat natin at ng mga alternatibong polisiya na ibibigay namin ay ang mga aspeto na may kinalaman sa: (1) aksesibilidad at kaligtasan, (2) kalusugang pangkaisipan, at (3) pagkakapantay-pantay ng kasarian. Ang teorya ng FIFF ay kapag wala ang iba't ibang dimensyong ito, walang seguridad kaya maaaring magdulot ito sa kolektibong pagkapagod.

## 1. Aksesibilidad at Kaligtasan

### a. Interseksyonal na Balangkas ng Polisiya

Ang kadalasang naratibo dito ay ang pangangailangan ng imprastraktura na madaling ma-akses upang ligtas ang mga taong may pisikal na kapansanan at matatanda. Upang mas maging interseksyonal ang balangkas nito, dapat kilalanin na maraming mga bata, katutubo, kababaihan, kalalakihan, at LGBTQIAN+ na may pisikal na kapansanan.

Kaya ang aksesibilidad ng mga imprastraktura ay magdudulot ng kaligtasan sa lahat. Pero higit pa rito ay ang realidad na ang pagkawalang pisikal na kapansanan ay pansamantala lamang ("*temporarily able-bodied*"). Ibig sabihin, kahit sino at kahit kailan maaaring magkaroon ng pisikal na kapansanan—lalo na sa konteksto ng mga bansa sa Pandaigdigang Timog tulad ng Pilipinas kung saan hindi ligtas ang kapaligiran. Ang mga nasa mataas na panganib na magkaroon ng kapansanan ay ang mga uring manggagawa at mga taong biktima ng sakuna. Una, ang kalagayan ng mga pabrika ay hindi ligtas na maaaring humantong sa paglala ng mga karanasan ng mga manggagawang may mga kapansanan na, o humantong sa mga manggagawa na magkaroon ng mga kapansanan. Pangalawa, ang Pilipinas ay ang pinaka-nasa panganib sa mga sakuna sa buong mundo, ayon sa World Risk Report nitong 2024, at noong 2023, at 2022. Sa isang banda, ito ay maaaring humantong sa paglala ng karanasan ng mga taong may kapansanan na tulad ng dagdag pinsala, o minsan kamatayan dahil sa sakuna. Sa kabilang banda, ito ay maaring humantong sa mga taong biktima ng sakuna na magkaroon ng pisikal na kapansanan. Importante na liniwan na walang likas na mali sa pagkakaroon ng pisikal na kapansanan, pero kung ang nagdudulot nito ay hindi ligtas na kapaligiran at sakuna, kailangang solusyunan ito. Dahil sa kumplikado at konektadong mga isyung ito, ang mairerekomenda namin ay ang iisang layunin na siguraduhing madaling ma-akses at ligtas ang pribado at pampublikong kapaligiran para sa lahat, lalo na ang mga may taong kapansanan at uring manggagawa, sa pang-araw araw at hindi pangkaraniwang mga panganib. Upang makamit ang layuning ito, ito ang inirerekomenda namin na isama sa policy mix.

### i. Batas Pambansa Bilang 344 (BP 344)

Ito ang Accessibility Law na naipasa noong 1982. Ang hangarin nito ay mapabuti ang kanilang pagkilos ng mga taong may kapansanan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga institusyon na magpatayo ng mga gusali at pasilidad na sumusunod sa mga pamantayan upang madaling ma-akses ito ng mga taong may pisikal na kapansanan. Kabilang na ang mga pabrika sa mga gusali sa BP 344 na kailangan madaling ma-akses.

### ii. Republic Act 11058

Ito ang Occupational Safety and Health Standards (OSHS) Law na ang layunin ay mapabuti ang kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho at protektahan ang mga manggagawa sa pinsala, sakit, o kamatayan. Nakasaad sa batas na kailangan magkaroon ng pagsasanay ang kumpanya sa mga manggagawa tungkol sa kaligtasan sa trabaho, at magbigay din ito ng mga kagamitan sa proteksyon.

### iii. Republic Act 10121

Ito ang Philippine Disaster Risk Reduction and Management (PDRRM) Act of 2010. Ang layunin nito ay subukang pigilan ang panganib ng sakuna, maghanda, tugunan, at bawasan ang epekto nito.

### iv. Pagkakaugnay ng mga Polisiya

Ang BP 344 ang magsisilbing pundasyon na titiyakin na ang mga gusali, pasilidad, lugar ng trabaho, at mga evacuation centers ay madaling ma-akses at ligtas upang hindi magdulot ng pisikal na kapansanan o dagdag kapansanan sa mga tao. Ang BP 344 ay sinusuportahan ang pagpapatupad ng OSHS Law (RA 11058) dahil ang mga lugar ng trabaho na sumusunod sa mga pamantayan ng BP 344 ay matuturing na ligtas. Samantala, ang PDRRM Act ay nakadepende sa pagpapatupad ng BP 344 at OSHS Law upang protektahan ang mga taong may kapansanan sa panahon ng sakuna. Ang mga pamantayan ng BP 344 ay sisiguraduhin madaling ma-akses ang transportasyon at evacuation centers para sa lahat, habang ang OSHS Law ay sinisigurado na ang mga lugar ng trabaho ay handa sa mga emergency. Halimbawa, ang mga lugar ng trabaho na madaling ma-akses (BP 344) na sumusunod sa safety protocols (OSHS Law) ay maaaring magsilbi bilang panandaliang evacuation centers, na maaaring magbawas sa panganib sa mga manggagawa at mga kalapit na komunidad.

### b. Awtoridad

Iba't ibang ahensya ang nagpapatupad ng mga polisyiyang ito. Ang National Council on Disability Affairs (NCDA) ang nagpapatupad

ng BP 344, ang Department of Labor and Employment (DOLE) ang nagpapatupad ng OSHS Law, at ang National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) ang nagpapatupad ng PDRRM Act. Dahil ang BP 344 ang punadasyon ng *policy* mix, nararapat lang na ang ang may awtoridad na mangangawisa patungo sa iisang layunin ng aksesibilidad at kaligtasan ay ang NCDA. Sa labas ng gobyerno, importante na isama nila ang mga NGOs tulad ng Life Haven sapagkat may mga programa na sila na nagsusulong ng aksesibilidad. Kailangan magkaroon ang mga grupong ito ng joint training programs, at magsanib pwersa sa mga kampanya upang itaas ang kamalayan ng mga tao.

### c. Impormasyon

Kailangan ibahagi ng bawat ahensya ang impormasyon na may kinalaman sa pagpapatupad ng bawat polisiya. Una, maaaring ibahagi ng DOLE, sa tulong ng Philippine Statistics Authority, ang datos ng occupational na mga aksidente, at occupation na pinsala sa mga lugar ng trabaho. Ito ay base sa Integrated Survey on Labor and Employment na pinapatupad bawat dalawang taon. Base sa datos na ito, kailangan matukoy kung alin sa mga pinsalang ito ang nagdulot sa pisikal na kapansanan. Pangalawa, dapat ibahagi ng NDRRMC kung iilang taong may kapansanan ang apektado ng sakuna, at iilan sa kanila ang nagkaroon ng kapansanan dahil sa sakuna. Ang mga rekomendasyong ito ay panimulang impormasyon lang para mas klaro kung gaano kalawak ang epekto ng hindi ligtas na lugar ng trabaho at sakuna sa mga taong may kapansanan. Bukod dito, pwede ring ibahagi ng NCDA at DOLE ang compliance checklists ng BP 344 at OSHS Law upang pagtugmain ito.

## 2. Kalusugang Pangkaisipan

### a. Interseksyonal na Balangkas ng Polisiya

Ang napagkagawiang salaysay dito ay ang pagtingin sa pagkakaroon ng kondisyon sa kalusugang-isip bilang indibidwal na pagkukulang o pagbibigay patolohiya gamit ng medikal na kadahilanan lamang. Subalit, ang kolektibong karanasan natin noong sinakop ang Pilipinas ay maaaring nagdulot sa *intergenerational trauma*. Sabi nga ni Resmaa Menakem (2021), ang pagkawalang konteksto ng trauma sa isang tao sa

paglipas ng panahon ay maaring magmukhang personalidad lamang. Ang pagkawalang konteksto ng trauma sa isang pamilya sa paglipas ng panahon ay maaaring magmukhang katangian lamang ng pamilya. At ang pagkawalang konteksto ng trauma sa isang lipunan sa paglipas ng panahon ay maaaring magmukhang kultura lamang.

Higit pa dito at upang mas maging interseksyonal ang balangkas nito, dapat kilalanin na ang ugat ng mga problemang may kinalaman sa kalusugang pangkaisipan ay sistematiko, gaya ng pagkakapatong-patong ng sistema ng opresyon tulad ng nabanggit sa pagkawalang akses sa mga imprastraktura ng mga taong may kapansanan, at ang walang katapusang sakuna na dumarating sa bansa.

Sa totoo lang, meron nang pagtatangka na tugunan ang kalusugang pangkaisipan sa pamamagitan ng *policy integration*—ang Philippine Council for Mental Health (PCMH) Strategic Framework 2024 – 2028. Inilunsad ito ng Department of Health (DOH) at World Health Organization (WHO) noong Oktubre 2023. Ngunit, ayon sa portal ng Freedom of Information (Nobyembre 2024), kasalukuyan parin itong tinatapos at hindi pa handa sa pampublikong akses kaya hindi natin ito makukumpirma. Mangyaring isaalang-alang ito bilang limitasyon habang binabasa ang mga rekomendasyon sa *policy mix.*

**i. Republic Act No. 11036**

Ito ang Mental Health Act na pinasa noong 2017. Ang layunin nito ay ang pagsulong sa mga karapatan ng mga service user, o ang tao na may buhay na karanasan ng pagkakaroon ng kundisyon ng kalusugang isip, pati na rin ang kanilang mga pamilya, at ang mga mental health professionals. Isinasaad ng batas na ito na ang paggamot sa kanilang kundisyon ay dapat base sa ebidensya at tumutugon sa kasarian, abilidad, at kultural at etnikong konteksto ng service user.

**ii. Republic Act No. 8042**

Ito ang Migrant Workers and Overseas Filipino Act na ipinasa noong 1995, na binago ng RA No. 10022 noong 2009. Ang hangarin nito ay protektahan at isulong ang kapakanan ng mga Overseas Filipino Workers

(OFWs) at kanilang mga pamilya. Sa papel, ginagawa ito sa pamamagitan ng mahigpit na alituntunin upang pigilan ang ilegal na pangangalap, at kung may maging biktima man nito, may libreng legal na tulong. Meron ding Repatriation Program kung saan binabalik sa Pilipinas ang mga namimighating OFW sa panahon ng sakuna o kaguluhan sa pulitika sa ibang bansa. Dagdag pa dito ang Reintegration Program kung saan tinutulungan ang mga bumabalik na OFWs sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay at paghahanap ng lokal na trabaho.

**iii. Republic Act No. 11106**

Ito ang Filipino Sign Language Act (FSLA) na ipinasa noong 2018. Ito ang nag-deklara na ang Filipino Sign Language (FSL) bilang wikang pambansa ng mga Pilipinong Bingi (*Deaf*) o may kapansanan sa pandinig. Nagbibigay mandato din ito sa paggamit ng FSL sa lahat ng transaksyon ng mga Bingi sa gobyerno, pati na rin sa eskuwelahan, broadcast media, at mga lugar ng trabaho.

**iv. Pagkakaugnay ng mga Polisiya**

Ang pangunahing batas para solusyunan ang kalusugang pangkaisipan ay ang MHA, ngunit maaari pa ito maging mas interseksyonal sa pagbibigay sapat na pananarinari sa Implementing Rules and Regulations tungkol sa partikular na mga pangangailangan ng mga migranteng mangagawa, at mga taong may kapansanan sa pandinig. Bagamat kinikilala ng MHA ang mga isyu sa kalusugang isip ng mga manggagawa, walang diing naibigay sa kalusugang-isip ng mga migranteng manggagawa dahil sa pagkagambala ng buhay nila na dulot ng kanilang pangigibang bayan. Bagmat kinikilala ng MHA ang mga isyu ng kalusugang isip ng mga taong may kapansanan, hindi naman madaling ma-akses ang mga serbisyong ito sa mga Bingi o may kapansanan sa pandinig dahil walang sign language interpreters (SLIs) sa mga klinika. Subalit, ayon sa FSLA, may responsibilidad ang mga pampublikong hospital at iba pang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na mag-bigay akses sa libreng SLIs at iba pang materyales. Marahil ay may pagpapabuti sa pag-akses ng mga serbisyong pang-pisikal na kalusugan. Ngunit hindi ito ang kalagayan sa pag-akses ng mga serbisyong pang-kaisipan na kalusuagn. Sa katunayan, sinubukan ng FIFF network maghanap ng mga psychologist na kayang

suportahan ang Pinoy Deaf Rainbow, subalit wala kaming mahanap. Sila rin mismo nagbahagi na wala silang mahanap na psychologist na makakapag-suporta sakanila.

**b. Awtoridad**

Sapagkat kalusugang pangkaisipan ang pangunahing isyu, angkop pa rin na ang PCMH ang may awtoridad sa pagsulong patungo sa iisang layunin. Ang nais lang namin irekomenda ay isama ang mga ahensya na namamahala sa mga nabanggit na polisiya. Una, maski kasama na ang Department of Labor and Employment, dapat isama pa rin ang Department of Migrant Workers (DMW) sa PCMH. Makakapagbigay sila ng impormasyon tungkol sa komprehensibong sistema ng suporta para sa mga migranteng manggagawa at ng kanilang mga pamilya. Dapat makipagtulungan ang gobyerno sa mga NGO gaya ng Youth for Mental Health dahil may mga programa na sila sa larangan ng kalusugang-isip para mga kabataan, at ang Kanlungan Foundation dahil may mga naipatupad na silang interbensyon sa krisis dulot ng laganap na pang-aabuso sa mga migranteng manggagawa. Inaanyayahan din namin ang PCMH na makipagtrabaho sa Inter-Agency Council (IAC) ng FSLA. Kailangang sundin ang Chapter VI - Section 26 ng MHA at turuan ang mga pampublikong hospital at iba pang pasilidad sa sign language interpretation. Kailangan namang dagdagan ang FSLA ng probisyon tungkol dito. Dapat din siguraduhin ng PCMH na may badyet para dito.

**c. Impormasyon**

Bukod sa pagbahagi ng impormasyon na may kinalaman sa pagpapatupad ng bawat polisiya, kailangan ring ibahagi ng bawat ahensya ang bilang ng mga taong nangangailangan ng mga serbisyo para sa kalusugang-isip. Ang DMW ay dapat ibahagi kung ilang mga migranteng manggagawa ang may kundisyon sa kalusugang-isip. Samantala, ang IAC ng FSLA ay dapat ibahagi kung ilang mga bingi ang nakakaranas nito. Dahil dito, malalaman ang puwang sa nangangailangan ng serbisyo at ang kasalukuyang bilang ng SLIs. Kapag malinaw na ang impormasyong ito, maaaring mag-sanib pwersa ang PCMH at IAC ng FSLA upang gumawa ng kampanya na maghihikayat sa mga tao na mag-aaral nito.

## 3. Pagkakapantay-pantay ng Kasarian

### a. Interseksyonal na Balangkas ng Polisiya

Ang nakasanayang kwento sa isyung ito ay ang pagbibigay ng kapangyarihan (*empower*) sa mga kababaihan upang tamasahin ang mga ekonomic, sosyal, at kultural na karapatan nila, at kung paano magiging kasabwat ang kalalakihan dito. Sa katunayan, makikita ito sa Philippine Plan for Gender-Responsive Development 1995–2025 ng gobyerno. Ang problema dito ay nagiging dalawahan (*binary*) ang tingin sa kasarian—kababaihan at kalalakihan—imbes na malawakan (*expansive*). Nabubura ang mga identidad ng mga lesbyana, bisexual, at trans (LBT) women. Ang iisang pagtingin din sa kalalakihan ay nagdudulot sa pagbura ng opresyong nararanasan ng mga bakla at trans men. Hindi rin nabibigyang diin ang pag-krus ng iba pang mga katangian gaya ng mga babaeng may kapansanan, o kaya mga LGBT na katutubo. Dahil dito, hindi nabibigyang diin ang iba't ibang problema ng bawat grupo na partikular sa kanila. Buti na lang ay may pagpapabuti sa Gender Equality and Women's Empowerment (GEWE) Plan 2019–2025. Sa kabila ng pangalan nito, nakasaad dito ang iba't ibang grupong nakararanas ng opresyon gaya ng mga taong may kapansanan, mga taong may iba't ibang SOGIE (sexual orientation, gender identity, and expression), mga katutubo, mga matatanda, mga bata, at mga Muslim. Gayunpaman, ang GEWE ay isang *policy roadmap* lamang, kakailanganin pa rin nito ang *policy mix* para mapatakbo ang mga plano nito.

#### i. Republic Act No. 9710

Ito ang Magna Carta for Women (MCW) na naipasa noong 2009. Ang batas na ito ay inaatasan ang mga yunit ng gobyerno na isatupad ang gender and development (GAD) mainstreaming sa mga programa, aktibidad, proyekto, at polisiya nila.

#### ii. Senate Bill No. 2766

Ito ang Comprehensive Anti-Discrimination Act (CADA). Ang layunin nito ay protektahan mula sa diskriminasyon ang mga tao base sa mga katangian nila tulad ng edad, kultura, katutubong identidad,

paniniwalang panrelihiyon, kasarian, SOGIE at sex characteristics (SOGIESC), kapansanan, mga taong pinagkaitan ng kalayaan (persons deprived of liberty o PDIs), at iba pa. Nakasaad sa CADA kung anu-anong mga kilos o gawain ang maituturing na diskriminasyon, gaya ng pagkakait ng karapatan sa edukasyon na kadalasang nararanasan ng mga batang may iba't ibang SOGIESC. Hinahangad ng CADA na magtatag ng mga mekanismo ng pagtugon sa mga kaso ng diskriminasyon at pahusayin ang akses sa hustisya para sa mga biktima nito.

**iii. Senate Bill No. 2626**

Ito ang Cagandahan Bill na isinalang ni Senator Risa Hontiveros sa 19th Congress. Ang hangarin nito ay pahintulutan ang mga rehistrador ng lungsod o munisipyo at mga consul general na palitan ang sex at pangalan ng isang intersex na tao na hindi kinakailangan ng court order. Ang intersex na tao ay ipinanganak na may pagkakaiba-ibang (variation?) sex characteristics na hindi pasok sa dalawahang tingin na babae/lalaki (*female/male*). Ang halimbawa ng mga sex characteristics na ito ay ang pagkakaiba-iba ng ari, *hormones,* at *chromosomes*. Ipinangalan ang bill kay Jeff Cagandahan, isang intersex person na itinalaga ng ospital na babae noong pinanganak siya, kaya pinalaking babae. Nag-petisyon siya sa korte at ang kauna-unahang intersex na tao sa Pilipinas na nakapagpabago ng pangalan at sex marker.

**iv. Pagkakaugnay ng mga Polisiya**

Ang MCW ang naglalatag ng legal na batayan patungo sa iisang layunin ng mga pagkakapantay-pantay ng kasarian. Sa kasalukuyan, ang GAD ay limitado sa pagtingin lamang sa kasarian. Kaya ang CADB ang magpapalawak nito sa mga pag-krus ng kasarian sa iba't ibang identidad o katangian. Ang Cagandahan Bill naman ang magpapalakas ng pokus sa mga karapatan ng mga intersex na tao dahil kadalasan itong nakakaligtaan sa usaping SOGIESC. Sa pagsama-sama ng mga polisiyang ito, mapapatupad ang mga plano sa GEWE.

**b. Awtoridad**

Angkop lamang na ang Philippine Commission on Women (PCW) ang manatiling may pormal na awtoridad para isulong ang iisang layuning pagkakapantay-pantay ng kasarian sapagkat ito ang kasalukuyang namamahala sa GEWE, pati na rin ang pagpapatupad ng MCW. Samantala, dahil hindi pa batas ang CADA at Cagandahan Bill, wala pang ahensya na namamahala dito. Kaya ang mairerekomenda namin ay isama ang DMW para sa mga migrante, NCDA para sa may mga kapansanan, at ang Commission on Human Rights (CHR) dahil sila ang mayroong mandato na isulong at protektahan ang mga karapatang pantao ng bawat Pilipino. Mainam din na isama ang mga NGO gaya ng IMGLAD, Intersex Philippines, PANTAY, PFTM, at Visayas LBTQ Network dahil may mga programa na sila patungo sa pagkakapantay-pantay ng kasarian.

**c. Impormasyon**

Bunga ng MCW, obligado ang mga ahensya mangolekta sila ng *sex-disaggregated data* sa mga programa na pinapatupad nila. Ibig sabihin nito, inaalam nila kung iilan ang babae at lalaki na nakakatanggap ng serbisyo nila. Ngunit dahil kinikilala natin na malawak ang kasarian at hindi lang dalawahan, importante na ang kinokolekta ay *GEDSI*[1]*-dissaggregated.* Ibig sabihin nito, mainam na malaman kung ano ang iba't ibang katangian ng mamamayan na maaaring maka-apekto sa pag-akses nila ng serbisyo, gaya ng mga nabanggit na kinakailangang impormasyon sa aksesibilidad, kaligtasan, at kalusugang pangkaisipan.

---

1 GEDSI – Gender equality, disability, and social inclusion

## CONCLUSION

Ang Filipinisasyon ng intersectionality, gaya ng isinagawa ng FIFF, ay isang mahalagang hakbang tungo sa pag-aandukha ng mga konseptong banyaga sa konteksto ng Pilipino. Ang mga talinghagang tulad ng "habi-habi," "sapin-sapin," "bibingka," at "halo-halo" ay hindi lamang nagbigay ng malinaw na pagpapaliwanag sa masalimuot na dalumat ng intersectionality, kundi nag-ugat din sa karanasan at kultura ng mga Pilipino. Sa ganitong paraan, ang intersectionality ay hindi na lamang isang teoretikal na ideya kundi isang praktikal na balangkas na maaaring gamitin upang tugunan ang magkakaugnay na isyu ng opresyon sa Pilipinas.

Higit pa rito, ipinapakita ng gawaing ito na ang dekolonisasyon ay hindi lamang isang akademikong proyekto kundi isang mahalagang bahagi ng pagsusulong ng hustisiyang panlipunan. Ang pag-aandukha ng intersectionality ay hindi lamang tungkol sa pagsasalin ng wika, kundi isang aktibong pagtutol sa mga sistemang kolonyal at kapitalista na nagdudulot ng pagsasamantala at diskriminasyon. Sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa lokal na kaalaman at karanasan, naitataguyod natin ang isang makabayang pag-unawa na nakaugat sa kasaysayan at danas ng Pilipino.

Alalahanin lang na hindi lamang ito ang mga talinghagang "tama," sapagkat ang ganitong pag-iisip ay nag-susulong hegemonya o kolonyal na pag-iisip na "iisa" lang ang paraan. Kaya isang-alang-alang na ang papel na ito ay nagmumungkahi ng paggamit ng mga talinghagang nabuo sa FIFF bilang inspirasyon, imbes na reseta, upang isulong ang mas interseksyonal na mga polisiya at gawain. Ang kolektibong pagkilos ng mga organisasyon at indibidwal ay patunay na ang intersectionality, kapag isinabuhay at inangkop sa lokal na konteksto, ay isang makapangyarihang kasangkapan para sa pagbabago at pagkakapantay-pantay sa lipunan.

# SANGGUNIAN


Alatas, Syed Farid. 2006. *Alternative Discourses in Asian Social Science: Responses to Eurocentrism.* New York: SAGE.

Aguilar, Delia D. 2004. "Questionable Claims: Colonialism Redux, Feminist Style." Sa *Women and Globalization*, pinamatnugutan nina Delia D. Aguilar, D. at Anne E. Lacsamana, 404-421. New York: Humanity Books.

Candel, Jeroen J.L. 2018. "Diagnosing Integrated Food Security Strategies." *NJAS: Wageningen Journal of Life Sciences* 84 (1): pp. 103–13. doi:10.1016/j.njas.2017.07.001.

Carey, Gemma, Brad Crammond, at Therese Riley. 2014. "Top-Down Approaches to Joined-Up Government: Examining the Unintended Consequences of Weak Implementation." *International Journal of Public Administration* 38 (3): pp. 167–78. doi:10.1080/01900692.2014.903276.

Cotter, Jennifer. 2020. "The 'Flat Ontology' of Neoliberal Feminism." Sa *Marxist-Feminist Theories and Struggles Today: Essential Writings on Intersectionality, Labour and Ecofeminism,* pinamatnugutan nina Khayaat Fakier, Diana Mulinari, at Nora Räthzel, pp. 51–69. London: Zed.

Crenshaw, Kimberlé, 1989. "Demarginalizing the Intersection of Race and Sex: A Black Feminist Critique of Antidiscimination Doctrine, Feminist Theory and Antiracist Politics." Sa *The University of Chicago Legal Forum* 139 139 (0), 139–67.

de Saxe, Jennifer Gale at Bonnie-Estelle Trotter-Simons. 2021. "Intersectionality, Decolonization, and Educating for Critical Consciousness." *Journal of Thought* 55 (1/2): pp. 3–20. https://www.jstor.org/stable/27082272

Enriquez, Virgilio. 1976. "Sikolohiyang Pilipino: Perspektiba at Direksiyon." Sa *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino,* pinamatnugutan nina L.F. Antonio, E.S. Reyes, R.E. Pe, at N. Almonte, pp. 19–31. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

Evangelista, John Andrew G. 2020. "Mess up the Empire: Deplyong and disrupting homonationalism." *Sexualities* 0 (0): pp. 1–18. https://doi.org/10.1177/1363460720961298

Guillermo, Ramon. 2008. "Toward a Filipino-Language Philippine Studies Project." *Philippine Studies* 56 (4): 467–74.

Marx, Karl. 1975. "Economic and Philosophic Manuscripts of 1844." Sa *Karl Marx-Frederick Engels Collected Works: Volume 3 (1843-1844),* pinamatnugutan nina Maria Shcheglova, Tatyana Grishina, at Lyudgarda Zubrilova, pp. 229–346. Moscow: Progress Publishers.

Menakem, Resmaa, guest. "Notice the Rage; Notice the Silence." On Being with Krista Tippett (podcast). April 15, 2021. Accessed December 12, 2024. https://onbeing.org/programs/resmaa-menakem-notice-the-rage-notice-the-silence/

Molina H., Castillo C. A., Sansotta A. T., Delpiano P. V., Murray J. 2018. "Scaling up an early childhood development programme through a national multisectoral approach to social protection: Lessons from Chile Crece Contigo." *BMJ*, 363, Article K4513. https://doi.org/10.1136/bmj.k4513

Puar, Jasbir. 2013. "I Would Rather Be a Cyborg than a Goddess: Intersectionality, Assemblage, and Affective Politics." *Meritum* 8 (2): pp. 371–90.

Weber, Max. 2013. "Class, Status, Party." Sa *Social Theory: The Multicultural, Global and Classic Readings,* ikalimang edisyon, pinamatnugutan ni C. Lemert, pp. 90–97. Boulder: Westview Press.

Zetkin, Clara. 1906. "Social Democracy and Woman's Suffrage." Marxist Internet Archive, inakses noong 2 Disyembre 2024. www.marxists.org/archive/zetkin/1906/xx/womansuffrage.htm.

**Mga batas at dokumentong panggobyerno**

Accessibility Law (1982). https://ncda.gov.ph/disability-laws/implementing-rules-and-regulations-irr/irr-of-bp-344/

Cagandahan Bill, SBN 2626, 19th Cong. (2024), https://legacy.senate.gov.ph/lisdata/4385639847!.pdf

Cejudo, G. M. at Michel, C. L. 2021. "Instruments for Policy Integration: How Policy Mixes Work Together." *Sage Open*, 11(3). https://doi.org/10.1177/21582440211032161.

Comprehensive Anti-Discrimination Bill, SBN 2766, 19th Cong. (2024), https://legacy.senate.gov.ph/lisdata/4449340447!.pdf

Filipino Sign Language Act (2018), https://ncda.gov.ph/disability-laws/republic-acts/ra-11106/

Gender Equality and Women's Empowerment Plan 2019-2025, https://pcw.gov.ph/assets/files/2020/05/GEWE-Plan-2019-2025-Results-Matrices.pdf?x12374#:~:text=The%20GEWE%20Plan%202019%2D2025,resilient%20society%2C%20and%20a%20globally

Magna Carta for Women (2009), https://pcw.gov.ph/magna-carta-of-women/

Mental Health Act (2017), https://legacy.senate.gov.ph/republic_acts/ra%2011036.pdf

Migrant Workers and Overseas Filipino Workers Act (1995), https://dmw.gov.ph/archives/laws&rules/files/Migrant%20Workers%20Act%20of%201995%20(RA%208042).html

Migrant Workers and Overseas Filipino Workers Act, Amended (2009), https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2010/ra_10022_2010.html

Occupational Safety and Health Standards Law (2017), https://natlex.ilo.org/dyn/natlex2/natlex2/files/download/113341/PHL113341.pdf

Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act (2010), https://www.officialgazette.gov.ph/2010/05/27/republic-act-no-10121/

Philippine Plan for Gender-Responsive Development 1995-2025, https://neda.gov.ph/wp-content/uploads/2020/01/PPGD-1995-2025.pdf?appgw_azwaf_jsc=6kyfQU0HykKLpH0iJQidYRa6kzZxbvtK-v344Jz6zaw

# THE UP CIDS DISCUSSION PAPER SERIES

The UP CIDS Discussion Paper Series features preliminary researches that may be subject to further revisions and is circulated to elicit comments and suggestions for enrichment and refinement. They contain findings on issues that are aligned with the core agenda of the research programs under the University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies (UP CIDS).

## CENTER FOR INTEGRATIVE AND DEVELOPMENT STUDIES

Established in 1985 by University of the Philippines (UP) President Edgardo J. Angara, the UP Center for Integrative and Development Studies (UP CIDS) is the policy research unit of the University that connects disciplines and scholars across the several units of the UP System. It is mandated to encourage collaborative and rigorous research addressing issues of national significance by supporting scholars and securing funding, enabling them to produce outputs and recommendations for public policy.

The UP CIDS currently has twelve research programs that are clustered under the areas of education and capacity building, development, and social, political, and cultural studies. It publishes policy briefs, monographs, webinar/conference/forum proceedings, and the Philippine Journal for Public Policy, all of which can be downloaded free from the UP CIDS website.

## THE PROGRAM

The **Program on Alternative Development (AltDev)** aims to look at paradigms, policies, practices, and projects that are largely marginalized and excluded from the mainstream. The program aims to bring these alternatives out of the margins and into the mainstream to level the playing field so that they may be regarded on an equal footing with dominant discourses and thus offer alternatives to the existing system.

# EDITORIAL BOARD

Rosalie Arcala Hall
EDITOR-IN-CHIEF

Janus Isaac V. Nolasco
DEPUTY EDITOR-IN-CHIEF

# PROGRAM EDITORS

## EDUCATION AND CAPACITY BUILDING CLUSTER

Dina S. Ocampo
Lorina Y. Calingasan
EDUCATION RESEARCH PROGRAM

Fernando dlC. Paragas
PROGRAM ON HIGHER EDUCATION RESEARCH AND POLICY REFORM

Romylyn Metila
Marlene Ferido
ASSESSMENT, CURRICULUM, AND TECHNOLOGY RESEARCH PROGRAM

Ebinezer R. Florano
PROGRAM ON DATA SCIENCE FOR PUBLIC POLICY

## SOCIAL, POLITICAL, AND CULTURAL STUDIES CLUSTER

Rogelio Alicor L. Panao
PROGRAM ON SOCIAL AND POLITICAL CHANGE

Darwin J. Absari
ISLAMIC STUDIES PROGRAM

Herman Joseph S. Kraft
STRATEGIC STUDIES PROGRAM

Marie Aubrey J. Villaceran
Frances Antoinette C. Cruz
DECOLONIAL STUDIES PROGRAM

## DEVELOPMENT CLUSTER

Annette O. Balaoing-Pelkmans
PROGRAM ON ESCAPING THE MIDDLE-INCOME TRAP: CHAINS FOR CHANGE

Antoinette R. Raquiza
Monica Santos
POLITICAL ECONOMY PROGRAM

Eduardo C. Tadem
Ma. Simeona M. Martinez
PROGRAM ON ALTERNATIVE DEVELOPMENT

Leonila F. Dans
Iris Thiele Isip-Tan
PROGRAM ON HEALTH SYSTEMS DEVELOPMENT

## NEW PROGRAMS

Maria Angeles O. Catelo
FOOD SECURITY PROGRAM

Weena S. Gera
URBAN STUDIES PROGRAM

Benjamin M. Vallejo, Jr.
CONSERVATION AND BIODIVERSITY

Rosalie B. Arcala Hall
LOCAL AND REGIONAL STUDIES NETWORK

# EDITORIAL STAFF

Lakan Uhay D. Alegre
SENIOR EDITORIAL ASSOCIATE

Kristen Jaye de Guzman
Leanne Claire SM. Bellen
JUNIOR EDITORIAL ASSOCIATE

Jheimeel P. Valencia
COPYEDITOR

Jessie Feniquito
Mikaela Anna Cheska D. Orlino
LAYOUT ARTISTS

## Get your policy papers published. Download open-access articles.

The Philippine Journal of Public Policy: Interdisciplinary Development Perspectives (PJPP), the annual peer-reviewed journal of the UP Center for Integrative and Development Studies (UP CIDS), welcomes submissions in the form of full-length policy-oriented manuscripts, book reviews, essays, and commentaries. The PJPP provides a multidisciplinary forum for examining contemporary social, cultural, economic, and political issues in the Philippines and elsewh ere. Submissions are welcome year-around.

## Get news and the latest publications.

Join our mailing list: bit.ly/signup_cids to get our publications delivered straight to your inbox! Also, you'll receive news of upcoming webinars and other updates.

## We need your feedback.

Have our publications been useful? Tell us what you think: bit.ly/dearcids.

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
CENTER FOR INTEGRATIVE AND DEVELOPMENT STUDIES
Lower Ground Floor, Ang Bahay ng Alumni, Magsaysay Avenue
University of the Philippines Diliman, Quezon City 1101

**Telephone** (02) 8981-8500 loc. 4266 to 4268
(02) 8426-0955

**Email** cids@up.edu.ph
cidspublications@up.edu.ph

**Website** cids.up.edu.ph